Delete and use school letterhead

Delete and type date

Delete and type parent/carer name and address

## PUWESTO SA YEAR SEVEN SA DARATING NA TAON

### PLACEMENT IN YEAR 7 NEXT YEAR

Pangalan ng estudyante: Delete and type name of student

Taon ng pagkapuwesto sa Year 7: Delete and type calendar year for placement in Year 7

Petsa para ibalik ang *Application to enrol*: Delete and type date for return of Application to enrol

Numero ng telepono sa eskuwelahan kung nangangailangan ng tulong:
Delete and type school telephone number

Mahal na Magulang/Tagapag-alaga

Maraming salamat sa inyong pagbanggit na interesado kayong makapuwesto ang inyong anak, na nakapangalan sa itaas, sa Year 7 sa eskuwelahang ito.

Sang-ayon sa inyong nabanggit na kagustuhan, ang inyong anak ay napaglaanan ng puwesto sa listahan ng mga makapapasok sa darating na taon. Alam na siguro ninyo na, hanggang hindi pa natatanggap ng eskuwelahan ng kompletong aplikasyon sa pagpapatala, hindi pa tapos ang pagpapatala ng inyong anak.

Kung gusto ninyong ituloy ang pormal na aplikasyon ng pagpapatala, kompletuhin po sa **English** ang nakalakip ditong *Application to enrol in a NSW government school* (aplikasyon ng pagpapatala sa isang paaralang pampubliko sa NSW) at ibalik ang pormang ito sa akin sa petsang nakalagay sa itaas.

Tandaan lamang po na:

- Kinakailangang sagutin ang lahat na katanungan sa porma ng aplikasyon, liban lamang ang tungkol sa inyong trabaho at edukasyon.
- Kung hindi namin natanggap ang inyong aplikasyon sa pagpapatala sa petsang nakalagay sa itaas, ipagpalagay naming hindi na kayo interesado at aanyayahan namin ang ibang mga estudyante upang mag-aplay
- Kung isinumite na ninyo itong aplikasyon ngunit nagbago ang inyong desisyon o sitwasyon at hindi na ninyo gustong ipagpatuloy ang pagpapatala, tawagan po ang eskuwelahan sa pinakamadaling panahon upang mapasabihan namin ang ibang mga estudyanteng nasa listahan ng mga naghihintay.

Ang inyong aplikasyon ay rerepasuhin at iproproseso bilang may-prayoridad. Kung ito ay makakapasa, isang opisyal na kompirmasyon ng pagpapatala ang ipapadala sa inyo. Sa ilang sitwasyon, maaaring mangangailangan kaming magtanong ng ilang aspeto ng impormasyong inyong nabanggit sa aplikasyon. Kung ganito ang mangyayari, tatawagan namin kayo.

Kung kinakailangan ninyo ng tulong sa pagkompleto ng pormang *Application to enrol in a NSW government school*, tawagan po lamang ang pinakamalapit ninyong eskuwelahang primarya, o tawagan kami upang makausap ang isa naming kawani sa paaralang sekundarya. Kung kinakailangan ninyo ng tulong ng isang interpreter, tumawag po sa Telephone Interpreter Service sa telepono 131 450 at humingi ng isang interpreter sa inyong wika. Ang interpreter ay tatawag sa eskuwelahan at mananatiling nasa linya ng telepono upang matulungan kayo sa inyong pakikipag-usap. Wala kayong babayaran sa serbisyong ito.

Maraming salamat sa inyong tulong.

Lubos na gumagalang,

Prinsipal
Principal